



### Idinideklara ng Pamahalaan ng Ontario ang ikatlong panlalawigang state of emergency

#### *Pambuong lalawigan na kautusan na manatili sa bahay na magsisimula sa Abril 8*

BRAMPTON, ON (Abril 7, 2021) – Sa araw na ito, idineklara ng Pamahalaan ng Ontario ang ikatlong state of emergency sa ilalim ng Emergency Management and Civil Protection Act (EMCPA), magsisimula kaagad, at inanunsyo ang pambuong lalawigan na kautusan na manatili sa bahay simula sa Abril 8, 2021, na mananatiling may-bisa para sa Ontario kabilang ang Rehiyon ng Peel sa loob nang di bababa sa apat na linggo.

Ang kautusan na manatili sa bahay ay mag-uutos sa lahat na manatili sa bahay, maliban sa mga layuning mahalaga, tulad ng pamimili sa grocery store o botika, pag-access sa mga serbisyo sa health care, para sa ehersisyo o para sa mahalagang trabaho.

Ang kautusan na ito at iba pang mga restriksyon ng public health ay nakatuon sa paglimita sa paggalaw ng mga tao at pagbabawas sa bilang ng araw-araw na mga kontak sa mga hindi kasama sa direktang pamamahay. Bukod pa sa paglimita sa mga paglabas sa mahahalagang pakay, kailangang tiyakin ng lahat ng negosyo na ang sinumang empleyado na pwedeng magtrabaho mula sa bahay, ay magtatrabaho mula sa bahay.

#### **Retail**

Bukod pa, pinapalakas din ng Lalawigan ang mga pamamaraan ng public health at kaligtasan sa lugar ng trabaho para sa mahalagang retail sa ilalim ng [pambuong lalawigan na emergency brake](#). Kabilang, ngunit hindi limitado ang mga pamamaraan sa:

- Paglimita sa karamihan sa hindi mahalagang mga retailer na mag-operate lamang para sa curbside pick-up at paghahatid, sa pamamagitan ng appointment, sa pagitan ng mga oras ng 7 am at 8 pm, na ang paghahatid ng mga paninda sa mga customer ay pinapayagan sa pagitan ng 6 am at 9 pm, at iba pang mga restriksyon;
- Paglimita sa pagpasok sa mga shopping malls sa limitadong tukoy na mga layunin, kabilang ang curbside pick-up at paghahatid, sa pamamagitan ng appointment, na may iisang itinalagang lokasyon sa loob ng shopping mall, at anumang bilang ng itinalagang mga lokasyon sa labas ng shopping mall, kasama ang iba pang restriksyon;
- Paglimita sa discount at big box stores sa personal na retail na pagbebenta sa mga grocery items, mga suplay sa pangangalaga ng pet, mga panlinis na suplay ng bahay, mga item ng gamot, mga item sa pangangalagang pangkalusugan, at mga item lamang sa personal na pangangalaga;
- Pagpayag sa sumusunod na tindahan na magbukas para sa personal na retail batay sa appointment lamang at sakop ng 25 porsiyentong limitasyon sa kapasidad at paglilimita sa pinapayagang oras ng operation sa pagitan ng 7 am at 8 pm na ang paghahatid ng mga paninda sa mga customer ay pinapayagan sa pagitan ng 6 am at 9 pm:
  - Mga tindahan ng pangkaligtasang suplay;



- Mga negosyong pangunahing nagbebenta, nagpapa-renta o nagkukumpuni ng mga pantulong na device, aids, o suplay, mga device, aids o suplay para sa paggalaw o mga medical na device, aids o suplay;
  - Mga serbisyo sa pagpapa-renta at pagpapaupa ng mga serbisyo kabilang ang awto, komersyal at light industrial na makinarya at pagpapaupa ng kasangkapan;
  - Mga optical store na nagbebenta ng iniresetang salamin sa publiko;
  - Mga negosyo na nagbebenta ng mga de makinang sasakyan, bangka at iba pang watercraft;
  - Pagkumpuni ng sasakyan at kasangkapan at mahalagang maintenance at serbisyo sa pagpapaupa ng sasakyan at kasangkapan; at
  - Mga retail store na pinapatakbo ng isang telecommunications provider o service, na maaaring papayag lamang sa mga miyembro ng publiko na pumasok sa mga premise para bumili ng cellphone o para sa mga pagkukumpuni o panteknikal na suporta.
- Pagpapahintulot sa mga outdoor garden centre at mga nursery ng pananim, at indoor na mga greenhouses na kasama sa pagbebenta sa publiko, na mag-operate sa 25 porsiyenting limitasyon ng kapasidad at restriksyon sa oras ng pagiging bukas sa hanggang sa pagitan ng 7 am at 8 pm.

Basahin ang mas marami pa tungkol sa ikatlong panlalawigan na emergency [dito](#).

### **Mga serbisyo at mga pasilidad**

#### ***City Hall at Corporate na mga Pasilidad***

Mananatiling bukas ang City Hall at corporate na mga pasilidad para sa personal na mga serbisyo batay sa appointment lamang, Hindi pinapayagan ang mga walang appointment. Para mag-book ng appointment, bisitahin ang [www.brampton.ca/skiptheline](http://www.brampton.ca/skiptheline).

#### ***Mga Sentrong Panlibangan ng Lungsod***

Ang lahat ng mga panlibangang pasilidad ng Lungsod ng Brampton ay mananatiling sarado sa publiko at ang mga indoor na programa ay patuloy na suspendido hanggang sa karagdagang abiso.

### ***Mga Birtwal na Programa***

#### **Birtwal na Fitness**

Ang mga residente ay iniimbitahan na sumali sa pinangungunahan ng instructor na birtwal na fitness sa libreng 30-minutong live workouts kasama ang ekspertong mga fitness instructor.

#### **55+ Workshops**

Ang mga residente ng Brampton na edad 55 taong gulang at mas matanda ay pwedeng mag-register para sa libreng birtwal na mga workshop mula sa ginhawa ng kanilang tahanan. Magkakaroon ang mga kalahok ng pagkakataon na makipag-socialize, bumuo ng bagong pagkakaibigan at kumonekta online sa isang ligtas at structured na kapaligiran.



Nagsasaling Birtwal na mga Aktibidad at mga Workshop

Ang serye na ito ay isang magandang pagkakataon para sa mga kalahok na may mga kapansanan at pagkakaiba na sumali sa aktibidad, matuto ng bagong bagay at lilikha ng tumatagal na mga pagkakaibigan kasama ang mga peer.

Ang mas maraming impormasyon kaugnay ng mga handog na birtwal na programa, kabilang ang mga detalye sa kung paano mag-register ay makikita sa [www.brampton.ca/recreation](http://www.brampton.ca/recreation).

### ***Paglilibang sa Bahay***

Manatiling aktibo at abala sa bahay gamit ang self-guided online arts at craft tutorials, pwedeng ma-access 24/7! Alamin kung paano gumawa ng origami hearts, mag-praktis sa inyong calligraphy skills, at mas marami pa. Mag-access sa sari-saring mga aktibidad sa Rec At Home [dito](#), gawa nang may pagmamahal ng Brampton Recreation.

### **Mandatoryong mga pantakip ng mukha**

Sa ilalim ng Ordinansa ng Mandatoryong Pantakip ng Mukha, ang mga hindi medikal na mask o mga pantakip ng mukha ay iniutos sa lahat ng indoor na pampublikong espasyo sa Brampton. Ang mga pampublikong estabilisyo at mga negosyo ay inuutusan na magsuot ng mga mask o mga pantakip ng mukha sa mga indoor na espasyo ng publiko na nasa ilalim ng kanilang kontrol.

Hindi isinasali ng ordinansa ang ilang mga indibidwal, kabilang ang mga hindi makapagsuot ng mask o pantakip ng mukha dahil sa mga medikal na rason; mga batang wala pang dalawang taong gulang; mga indibidwal na kasama sa atletik na aktibidad ayon sa Mga Kautusan sa Emergency. Para sa impormasyon, bisitahin ang: [www.brampton.ca/masks](http://www.brampton.ca/masks)

Ang mga residente at mga negosyo ay pwedeng tumawag sa 311, bumisita sa [www.311brampton.ca](http://www.311brampton.ca) o gamitin ang 311 mobile app para sa karagdagang impormasyon at hiling na serbisyo.

### **Mga Link**

Alamin ang mas marami pa tungkol sa:

- [Programa at mga update sa serbisyo sa COVID-19 ng Lungsod ng Brampton](#)
- [Lungsod ng Brampton – ano ang bukas, ano ang sarado](#)
- [Mga sintoma sa COVID-19](#)
- [Bakuna sa COVID-19](#)
- [Testing sa Brampton](#)
- [Paano ibukod ang sarili](#)
- [Pagpapanatili sa mga negosyo at mga lugar ng trabaho na ligtas sa panahon ng COVID-19](#)
- [Mga Kaso ng COVID-19 sa Peel](#)



-30-

### **KONTAK NG MEDIA**

Monika Duggal  
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad  
Strategic na Komunikasyon  
Lungsod ng Brampton  
905-874-3426 | [Monika.Duggal@brampton.ca](mailto:Monika.Duggal@brampton.ca)